Even in the IMPOSSIBLE

# Inapi at Pinalaya

WEEK 6

## WARM-UP

- Mayroon bang bagay na gusto ng marami, pero hindi naman maganda para sa iyo? Ano ito at bakit ayaw mo sa bagay na ito?
- Sinu-sino ang mga taong lagi mong binabahaginan ng mga magagandang balita tungkol sa iyo?
- Nagkaroon ka na ba ng bisyo? Paano mo ito naiwasan at naalis sa iyong buhay?

## WORD

[28]*Nang makita niya si Jesus, sumigaw siya at lumuhod sa harapan ni Jesus. At sinabi niya nang malakas, "Ano ang pakialam mo sa akin, Jesus na Anak ng Kataas-taasang Diyos? Nakikiusap ako sa iyo, huwag mo akong pahirapan!"* [29]*Sinabi niya ito dahil inutusan ni Jesus na lumabas ang masamang espiritu sa kanya. Matagal na siyang sinasaniban nito. At kahit tinatalian siya ng kadena sa kamay at paa at binabantayan, nilalagot niya ang kadena, at pinapapunta siya ng demonyo sa ilang.*
**LUCAS 8:28–29**

(Basahin din ang **LUCAS 8:27, 30–39.**)

Ang pang-aapi ay maaaring makita sa iba't ibang paraan; hindi lamang ito basta gawa ng demonyo. Maaaring ang iba sa atin ay hindi nakaranas ng labis na pang-aapi, ngunit ang ating espiritwal na kaaway ay maaaring mang-api sa iba't-ibang paraan. Sa kwento na ating binasa, may isang lalaki na labis na inapi ng demonyo at nangangailangan ng paglaya, at tanging si Jesus lamang ang may kakayahang palayain siya mula sa pagkaalipin. Ngayon, sa pagtingin natin nang malapitan sa kwentong ito, nawa'y magkaroon tayo ng pananampalataya. Kung kaya ni Jesus na iligtas ang mga tao na nakakaranas ng labis na pang-aapi, kaya Niya na palayain tayo at ang mga tao sa ating paligid sa kung anumang bumibihag at umaalipin sa ating buhay.

## 1 May isang lalaking inaalipin ng masamang espiritu na nangangailangan ng kaligtasan.

*Pagkababa ni Jesus sa bangka, sinalubong siya ng isang lalaking taga-roon na sinasaniban ng masasamang espiritu. Matagal na itong walang suot na damit at ayaw tumira sa bahay kundi sa mga kwebang libingan.* **LUCAS 8:27**

Kararating lang ni Jesus sa bayan ng Gerasenes nang makita Niya ang lalaking inaalipin ng hukbo (o libo-libo) na mga demonyo. Siya ay nababaliw, naglalakad nang hubo't hubad, nag-iisa, tumitira sa mga libingan at sa disyerto. Walang ibang kaya o gustong tumulong sa kanya. Maaaring umiiwas sila dala ng takot. Kung ito ay nangyari sa panahon natin, may ilang maaaring maging maingat sa ganitong mga klase ng tao at magdalawang isip na tumulong. Sa tingin mo, bakit maituturing na walang pag-asa ang sitwasyon ng lalaking inaapi ng demonyo?

................................................................

................................................................

## 2 Nagdala si Jesus ng kaligtasan.

*28Nang makita niya si Jesus, sumigaw siya at lumuhod sa harapan ni Jesus. At sinabi niya nang malakas, "Ano ang pakialam mo sa akin, Jesus na Anak ng Kataas-taasang Diyos? Nakikiusap ako sa iyo, huwag mo akong pahirapan!" 29Sinabi niya ito dahil inutusan ni Jesus na lumabas ang masamang espiritu sa kanya. Matagal na siyang sinasaniban nito. At kahit tinatalian siya ng kadena sa kamay at paa at binabantayan, nilalagot niya ang kadena, at pinapapunta siya ng demonyo sa ilang. . . . 32Sa di-kalayuan ay may malaking kawan ng mga baboy na nanginginain sa gilid ng burol. Nagmakaawa ang masasamang espiritu kay Jesus na payagan silang pumasok sa mga baboy, at pinayagan naman sila ni Jesus.* **LUCAS 8:28–29, 32**

Si Jesus ay may awtoridad sa lahat ng bagay, kasama na ang mga demonyo. Inutos ni Jesus na *lumabas ang masamang espiritu* sa lalaki, at nakilala ng mga ito si Jesus bilang *Anak ng Kataas-taasang Diyos*. Dala ng pagkatakot, ang hukbo ng demonyo ay nagmakaawa kay Jesus na huwag silang papuntahin sa kailaliman at parusahan doon, bagkus sila ay

payagan na pumasok sa mga baboy sa gilid ng burol. At ito nga ang ginawa ni Jesus. Dahil sa Kanyang presensya at awtoridad, ang lalaki ngayon ay malaya na. Pinatunayan nito na si Jesus nga ang Anak ng Diyos. Kapag tinatawag natin ang ngalan ni Jesus, tayo rin ay nakakaranas ng kaligtasan mula sa pang-aalipin. Ayon sa Lucas 4:18, ano ang dahilan ng pagpunta ni Jesus dito sa mundo?

................................................................................

................................................................................

## 3 Ipinapanumbalik tayo ni Jesus.

*Kaya pumunta roon ang mga tao para tingnan ang nangyari. Pagdating nila kay Jesus, nakita nila ang taong sinaniban dati ng masasamang espiritu na nakaupo sa paanan ni Jesus, nakadamit at matino na ang pag-iisip. At natakot ang mga tao.* **LUCAS 8:35**

Hindi lamang pinalaya ni Jesus ang lalaki. Pagkaalis ng mga demonyo sa kanya, ang lalaki ay bumalik sa kanyang tamang pag-iisip. Dahil kay Jesus, nanumbalik ang pagkakakilanlan, dignidad, katinuan, at lugar sa lipunan ng lalaki. Bukod pa dito, naitala sa Lucas 8:38–39 na binigyan ni Jesus ang lalaki ng bagong layunin sa buhay. Ginamit ng Diyos ang lalaki upang ipaalam sa kanyang komunidad at sa buong bayan ang tungkol kay Jesus, at kung ano ang ginawa Niya. Bilang mga tagasunod ni Cristo, tayo ay binigyan ng kapangyarihan na ipahayag ang ginagawa Niyang pagbibigay ng kabuuan sa mga tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa mga lugar sa ating komunidad na winasak ng kasalanan. Ano ang sinasabi sa Juan 10:10 tungkol sa demonyo? Tungkol kay Jesus?

................................................................................

................................................................................

Iba-iba ang tugon ng mga tao sa himala. Ang lalaking pinalaya ni Jesus mula sa hukbo ng demonyo ang nakatanggap ng himala at nagkaroon ng bagong buhay, kagalakan, at dahilan para mamuhay kay Jesus. Nakakalungkot lamang na ang mga tao sa Kanyang paligid, kahit pa nakita nila ang biglaang pagbabago ng lalaki, ay nakaramdam ng labis na pagkatakot (Lucas 8:37). Tulad nito, hindi lahat nang nasa paligid natin ay magagalak para sa atin, kikilala sa kung sino ang Diyos, o mapapalapit sa Kanya. Pero hindi

ito ang magiging dahilan upang tayo ay huminto sa pagdarasal para sa himala o sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Sa patuloy na pagpapakita at paggawa ng Diyos ng mga himala sa buhay natin, ipapakilala Niya ang Kanyang sarili sa mundo.

## APPLICATION

- Paano ka tutugon sa pang-aapi na dinaranas mo sa iyong buhay? Paano mababago ng mensahe ngayong araw ang pagtingin at kilos mo tungkol dito?

- Anong larangan ng buhay mo ang nangangailangan ng pagpapalaya ng Diyos? Humingi ng panalangin mula sa iba at pag-isipan kung ano ang mga hakbang na maaari mong gawin ngayong linggo, na naaayon dito.

- Basahin at pag-isipan ang Lucas 4:18–19 ngayong linggo. Paano ka magiging aktibo sa pagiging bahagi ng pagsulong ng kaharian ng Diyos at paghahayag ng kaligtasan ng Panginoon?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos na kay Jesus, makararanas tayo ng himalang kalayaan sa kahit anong uri ng pang-aapi. Ipanalangin na magpatuloy ka na sa pamumuhay nang may kalayaan at kabuuang ibinigay sa iyo ng Diyos.

- Ipanalangin ang Lucas 4:18–19 para sa iyong pamilya. Ipanalangin na makilala ng iyong komunidad ang Diyos bilang isang gumagawa ng himala at mapalapit sila sa Kanya.

- Habang nagdarasal ka para sa mga himala, hilingin mo sa Diyos na buksan Niya ang puso ng mga tao upang makita nila Siya, at tanggapin Siya bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chrysse Manuel-Pili, Bea Salcedo

victory.org.ph